

APPLICATION

- Ang Diyos ang karapat-dapat na hukom ng mga grupo ng tao, mga pinuno, at mga may kapangyarihan. Binago ba nito kung paano mo nakikita ang Diyos? Ano ang naunawaan mo tungkol sa Kanya dahil sa mga talatang nabasa mo?
- May bahagi ba ng buhay mo na nais ng Diyos na pagtuunan mo ng pansin, na nangangailangan ng iyong pagpapakumbaba? Paano mo magagawang magpakumbaba sa Kanyang presensya?
- Ang Diyos, bilang hukom, ay mayroon ding awtoridad upang patawarin tayo kapag tayo ay nagsisi sa mga ginawa natin. Basahin ang Isaias 1:16–17. Paano tayo dapat tumugon kung mayroong bagay sa ating buhay na kailangang magbago? Bakit posible lamang ito kung tayo ay magtitiwala sa ginawa ni Cristo sa krus?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagiging karapat-dapat na hukom sa mga taong nang-aapi ng mga mahihirap at mahihina. Pasalamatang Siya sa pagbibigay ng hustisya sa mga taong nakakaranas ng pang-aapi.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang anumang bahagi ng buhay mo na kailangang magbago. Isuko sa Kanya ang mga bahaging ito at hilingin na baguhin Niya ang iyong puso.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga pagkakataon upang maging asin at ilaw ng mundo (Mateo 5:13–14): ang makapagsalita at kumilos laban sa pang-aapi na nararanasan mo sa pang-araw-araw mong pamumuhay. Ipanalangin na bigyan ka ng kakayahang magawa ang mga tamang desisyon sa tamang pagkakataon.

SALT & LIGHT Ang Diyos Laban sa Pang-aapi

WEEK 2

WARM-UP

- Ano ang isang organisasyon kung saan naging bahagi ka? Bakit mo ito sinalihan?
- Magkuwento tungkol sa isang kawalan ng hustisya na nakita o nararanasan mo.
- Ano ang isang desisyon na ginawa mo na alam mong hindi patas para sa isang tao? Ano ang nangyari?

WORD ¹³Nakahanda na ang Panginoon para hatulan ang kanyang mga mamamayan. ¹⁴Hahatulan niya ang mga tagapamahala at mga pinuno ng mga mamamayan niya. Ito ang paratang niya sa kanila, “Sinira ninyo ang aking ubasan na siyang aking mga mamamayan. Ang mga bahay ninyo ay puno ng mga bagay na sinamsam ninyo sa mga mahihirap.” **ISAIAH 3:13–14**

(Basahin din ang **ISAIAH 3:15–26; 5:8–10; 10:1–4.**)

Nararapat lamang na hatulan ng Diyos ang mga tao. Nasa Kanya ang ganap na kapangyarihan upang hatulan maging ang mga tagapamahala at pinuno, at mga namumuno sa bayan, at sitahin sila sa mga ginagawa nila na hindi nagpapakita ng hustisya. Ang Diyos ay magbibigay ng hatol kung sadya nating ipipikit ang ating mga mata sa mga epekto na nararanasan ng ibang tao, lalo na kung tayo ay namumuhay sa karangyaan, o kaya ay nang-aapi ng ating kapwa. Sa araling ito, tingnan natin kung paano nangungusap ang Diyos laban sa kawalan ng hustisya at nagtuturo sa Kanyang mga mamamayan ng pagpapakumbaba.

1 | Pinupuna ng Diyos ang karangyaan at kayabangan.

¹³Nakahanda na ang Panginoon para hatulan ang kanyang mga mamamayan. ¹⁴Hahatulan niya ang mga tagapamahala at mga pinuno ng mga mamamayan niya. Ito ang paratang niya sa kanila, "Sinira ninyo ang aking ubasan na siyang aking mga mamamayan. Ang mga bahay ninyo ay puno ng mga bagay na sinamsam ninyo sa mga mahihirap. ¹⁵Bakit ninyo inaapi ang mga mamamayan ko at ginigipit ang mga mahihirap?" Iyan ang sinabi ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan. **ISAIAH 3:13-15**

Hinahatulan ng Diyos ang mga taong mayayabang na nagsamsam ng yaman sa pamamagitan ng pang-aapi sa mga mahihirap. Dahil sa kanilang ginawa, sinabi ng Diyos na kukunin Niya ang lahat ng kanilang alahas at mamahaling damit, at walang matitira sa kanila. Maaaring naiisip natin na ang pagkakaroon ng mga magagarang gamit at kayamanan ay isang mabuting layunin sa buhay, ngunit pinupuna ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan sa kanilang labis na karangyaan at pagbabalewala sa mga mahihirap. Paano pa rin ito nangyayari maging sa kasalukuyan? Ano ang isang pagpapakita ng karangyaan o kayabangan na hinihiling ng Diyos na suriin mo?

2 | Pinupuna ng Diyos ang pang-aapi sa mga walang laban.

¹⁻²Nakakaawa kayong mga gumagawa ng mga di-makatarungang kautusan na umaapi sa mga mahihirap kong mamamayan at nagkakait ng katarungan sa kanila. Sa pamamagitan ng mga kautusang iyon, kinukuha ninyo ang mga ari-arian ng mga biyuda at mga ulila. **ISAIAH 10:1-2**

Hinahatulan ng Diyos ang mga sadyang gumagawa ng mga kautusan at kasunduan na para sa kanilang pakinabang, subalit nang-aapi ng mga mahihirap at mahihina. Dahil sa kanilang ginagawa, sinabi ng Diyos na sa araw ng pagpaparusa, walang makakatulong sa kanila, at wala silang mapagtataguan ng kanilang kayamanan (Isaias 10:3). Paano mo dapat

isinasaalang-alang ang pangangailangan ng mga mahihirap at mahihina sa iyong mga desisyon? Bakit ito isang mahalagang konsiderasyon para sa mga mamamayan ng Diyos?

3 | Pinupuna ng Diyos ang kasalanan upang tayo ay magpakumbaba.

¹⁵Kaya ibabagsak ang lahat ng tao, lalo na ang mga mapagmataas. ¹⁶Pero ang Panginoong Makapangyarihan ay dadakilain sa kanyang paghatol. Sa pamamagitan ng matuwid niyang paghatol, ipinapakita niyang siya ay banal na Diyos. ¹⁷Ang nawasak na lungsod na tinitirhan ng mga mayayaman ay ginawang pastulan ng mga tupa. **ISAIAH 5:15-17**

Ang pagpuna ng Diyos sa mga mapagmataas at mapang-api ay ginagawa Niya upang magpakumbaba sila. Ipinapakita Niya ang Kanyang kabanalan sa pamamagitan ng Kanyang katuwiran at hustisya, na hindi natin makakamit kung wala Siya. Ang Kanyang tawag na magpakumbaba ay dahil sa pagtubos at pagpapanumbalik na nais Niyang gawin. Mayroon tayong mga pagpipilian kung paano tayo tutugon: patigasin ang ating mga puso at magpatuloy sa pagmamataas, o kaya ay sumuko sa Kanya bilang Diyos. Sinabi sa Santiago 4:6 na kinakalaban ng Diyos ang mga mapagmataas, pero kinakaawaan niya ang mapagpakumbaba. Tayo ay lalaban sa Kanya kung ipagpapatuloy natin ang pagmamayabang. Subalit kung tayo ay magpapakumbaba, mararanasan natin ang Kanyang biyaya at tayo ay magiging daluyan ng Kanyang pagpapala sa mundo. Ang Diyos pa rin ba ang nauuna sa puso mo? Ano ang ilan sa mga bagay na nangunguna sa puso mo?
